## Simon Ockley

*(1678-1720) Propesor ng Arabe sa Unibersidad ng Cambridge.*

- "Ang isang bagay na pinakanararapat na punahin ay ito: Ipinanganak siya ng kanyang ina sa Mekka, sa mismo templo (*Ka'bah*); na hinding-hindi naganap sa sinumang iba."
  [*History of the Saracens*, London, 1894, p. 331]

* * * * *

## Washington Irving

*(1783-1859) Tanyag bilang ang "unang Amerikanong mahusay sa panitikan".*

- "Siya ay mula sa pinakamaharlikang sangay ng maharlikang lahi ng Koreish. Taglay niya ang tatlong mga katangiang pinakamahala para sa mga Arabo: kagitingan, kahusayang magsalita at kagandahang-loob. Ang kanyang kabuuan ng loob ay naging dahilan na tawagin siya ng Propeta bilang "Leon ng Panginoon"; mga halimbawa ng kanyang kahusayang magsalita ay nananatili sa ilang mga taludtod at salawikaing napanatili sa pagitan ng mga Arabo; at ang kanyang kagandahang-loob ay naipapahayag sa pamamahagi sa iba, tuwing Biyernes, ng anumang natira sa ingatang-yaman. Hinggil sa kanyang kagandahang-loob, nagbigay tayo ng paulit-ulit na mga halimbawa; ang kanyang marangal na pagkakasuklam sa anumang bagay na mali at hamak, at ang kawalan sa kanyang asal ng bawat bagay tulad ng makasariling sabuwatan."
  [*Lives of the Successors of Mahomet*, London, 1850, p. 165]

- "Isa siya sa mga huli at pinakanararapat na sinaunang mga Muslim, na natuto ng kanyang sigasig pangrelihiyon mula sa pakikipagsama sa Propeta mismo, at sumunod hanggang sa katapusan sa kapayakan ng kanyang huwaran. Siya ay marangal na pinag-uusapan bilang kauna-unang Kalipang nagbigay ng ilang pagtangkilik sa panitikang marangal (*belles-lettres*). Nagpakalabis siya mismo sa kanyang hilig sa tula, at marami sa kanyang mga salawikain at kasabihan ay napangalagaan at naisalin sa iba't ibang mga wika. Ang kanyang panselyong singsing ay may inskripsyong ito: "Ang kaharian ay sa Panginoon". Isa sa kanyang mga salitain ay nagpapakita ng maliiit na halagang kanyang iniuukol sa mga pansamantalang kaluwalhatian ng mundong ito, 'Ang buhay ay ang anino ng ulap lamang—ang panaginip ng isang natutulog'."
  [*Lives of the Successors of Mahomet*, London, 1850, pp. 187-8]

* * * * *

## Robert Durey Osborn

*(1835-1889) Medyor ng Kawani ng Kuwerpong Bengal.*

- "Sa kanyang pagkasawi nasawi ang pinakataos-puso at pinakamabuting Muslim na ang kanyang alaala ay pinangalagaan ng kasaysayang Islamiko."
  [*Islam Under the Arabs*, 1876, p. 120]

**Para sa karagdagang kaalaman hinggil kay Imam 'Ali ibn Abi Talib, dumalaw sa:**

***http://al-islam.org/faq/***

*v1.0*

*Kaya, ginawang malinaw ng Panginoon ang Kanyang mga palatandaan sa iyo upang ikaw ay makaunawa*
(Qur'an 2:242)

# Ano ang Sinasabi ng mga Hindi Muslim hinggil kay…

# 'Ali

ANG UNANG KAHALILI NG PROPETA MUHAMMAD
*(Sumakanilang dalawa nawa ang kapayapaan at mga biyaya)*

Ang Imam 'Ali ibn Abi Talib ang kahalili ng Propeta Muhammad, sumakanilang dalawa nawa ang kapayapaan. Ito ay isang koleksyon ng maiikling mga sipi mula sa iba't ibang mga tanyag na hindi Muslim, kabilang ang mga akademiko, manunulat, pilosopo, manunula, politiko, at aktibista.

## Thomas Carlyle

*(1795-1881) Mananalaysay, kritiko, at manunulat pangsosyolohiyang taga-Eskosya.*

- "At hinggil naman dito sa kababatang Ali, walang sinumang maging katulad niya. Naipamalas niya ang kanyang sarili bilang isang nilalang na may maharlikang kaisipan, ngayon at magpakailanman; puno ng pagmamahal, at ng damdaming lakas-loob. May taglay siyang karangalan; kasingtapang ng isang leon; subalit may taglay na grasya, katotohanan at pagmamahal na nararapat sa isang kabalyerong Kristyano."

  [*On Heroes, Hero-Worship, And The Heroic In History*, 1841, Panayam 2: Ang Bayani bilang ang Propeta Mahomet: Islam, Mayo 8, 1840)]

✱ ✱ ✱ ✱ ✱

## Edward Gibbon

*(1737-1794) Itinuturing na pinakamagiting na Britanyong mananalaysay sa kanyang panahon.*

- "Ang sigasig at kabutihan ni Ali ay hindi nalampasan ng sinumang bagong kombertido. Taglay niya lahat ang mga katangian ng isang manunula, mandirigma at santo; ang bakas ng kanyang dunong ay mapupuna pa sa isang koleksyon ng mga kasabihang pangrelihiyon at pangmoralidad; at bawat kalaban sa mga larangan ng dila o espada ay kanyang napapasuko sa pamamagitan ng kanyang kahusayang magsalita at tapang. Mula sa unang oras ng kanyang misyon hanggang sa huling sandali ng paglibing sa kanya, ang Propeta ay hindi pinabayaan ng isang mabuting-loob na kaibigan, na kanyang pinasiglang tawaging kapatid, kahalili at ang matapat na Aaron ng ikalawang Moises."

  [*The Decline and Fall of the Roman Empire*, London, 1911, tomo 5, pp. 381-2]

✱ ✱ ✱ ✱ ✱

## Philip Khuri Hitti

*(1886-1978) Propesor ng mga Wikang Semitiko sa Unibersidad ng Princeton.*

- "Matapang sa digmaan, marunong sa pagbigay-payo, magaling sa pagsalita, matapat sa kanyang mga kaibigan, mapagbigay-loob sa kanyang mga kaaway, naging uliran sa karangalan at pagkamaginoo (*futuwah*) ng isang Muslim at ang Solomon ng tradisyong Arabe, sa paligid ng kanyang pangalan ay magkalipumpunang mga tula, salawikain, maiikling sermon, at anekdotang napakarami."

  [*History of the Arabs*, London, 1964, p. 183]

✱ ✱ ✱ ✱ ✱

## Sir William Muir

*(1819-1905) Pantas at estadistang taga-Eskosya. Nanungkulan bilang Kalihim na Panlabas ng pamahalaang India at Tenyente Gobernador ng mga Hilagakanlurang Probinsiya.*

- "May taglay na malinaw na talino, masigla sa pagmamahal, at mapagkatiwalaan sa pagkakaibigan, mula sa kanyang pagkabata puso at kaluluwang matapat sa Propeta. Simple, tahimik, at hindi ambisyoso, sa mga araw pagkatapos niyang makamit ang pamumuno sa kalahating bahagi ng sandaigdigang mga Muslim, ito ay ipinilit sa kanya sa halip na kanyang pinangarap."

  [*The Life of Mahomet*, London, 1877, p. 250]

## Dr. Henry Stubbe

*(1632-1676) Klasikisto, polemikisto, manggagamot, at pilosopo.*

- "Siya ay may pagdudusta sa mundo, sa kabantugan at karangyaan nito, may lubos na takot sa Panginoon, nagbibigay ng maraming abuloy, matapat sa lahat ng kanyang mga gawain, mapagkumbaba at mapitagan; na may katalasan ng isip at katalinuhang di-pangkaraniwan, siya ay may lubusang dunong, hindi sa mga siyensiyang nagwawakas sa mga pagmumuni-muni lamang kundi sa yaong mga nahahantong sa gawa."

  [*An Account of the Rise and Progress of Mahometanism*, 1705, p. 83]

✱ ✱ ✱ ✱ ✱

## Gerald de Gaury

*(1897-1984) Isang bantog na sundalo at diplomatiko.*

- "Siya ay mahusay sa pagbibigay-payo at matapang sa digmaan, tapat sa kanyang mga kaibigan at mapagbigay-loob sa kanyang mga kaaway. Siya ay magpakailanmang uliran sa karangalan at pagkamaginoo ng isang Muslim."

  [*Rulers of Mecca*, London, 1951, p. 49]

✱ ✱ ✱ ✱ ✱

## Wilferd Madelung

*Propesor ng Arabe sa Unibersidad ng Oxford.*

- "Sa harap ng pekeng pag-angkin ng mga Umayyad sa kapangyarihang matuwid sa Islam bilang ang mga kinatawan ng Panginoon sa mundo, at dahilan sa kataksilan, di-makatwiran at dibisibong pamamahala, at mapaghiganting pagpaparusa ng mga Umayyad, hinangaan nila ang kanyang katapatan, ang kanyang matatag na pagmamalasakit sa pangangasiwa ng Islam, ang kanyang mga taimtim na pansariling katapatan, ang kanyang pantay-pantay na pakikitungo sa mga tagataguyod, at ang kanyang kabutihang-loob sa pagpapatawad sa kanyang nagaping mga kaaway."

  [*The succession to Muhammad: a study of the early caliphate*, Cambridge, 1997, pp. 309-310]

✱ ✱ ✱ ✱ ✱

## Charles Mills

*(1788-1826) Pangunahing manunulat ng kasaysayn sa kanyang panahon.*

- "Bilang pinuno ng pamilya ng Hashim, pinsan at manugang na lalaki ng siyang ginagalang ng mga taga-Arabia…, malinaw na nakapagtatakang si 'Ali ay hindi kaagad na nailuklok sa Pagkakalipa pagyaon ni Muhammad. Maliban sa kalamangan sa kanyang pagpanganak at pag-asawa ay ang pakikipagkaibigan nito sa Propeta. Ang anak na lalaki ni Abu Talib ay isa sa mga pinakaunang kombertido sa Islamismo at ang pinakapaboritong patawagan ng Muhammad sa kanya ay ang Aaron ng ikalawang Moises. Ang kanyang mga katalinuhan bilang isang mananalumpati, at ang kanyang kawalang-takot bilang isang mandirigma ay tumatanaw ng utang-na-loob sa isang bansang ayon sa palagay nito, ang kagitingan ay kabutihan at ang kabutihang magsalita ay dunong."

  [*An history of Muhammedanism*, London, 1818, p. 89]